タガログ語

HAND in HAND in TAMA

Espesyal na edisyon
Isyu Hulyo 2021

BAKUNA LABAN SA COVID-19

●NAGSIMULA NA ANG PAGTANGGAP SA PAGPAPA-RESERBA NG MGA MAY EDAD NA 16 AT HIGIT PA NOONG HULYO 13 (MARTES) 9:00 A.M.

・Natanggap mo na ba ang kupon ng pagpapabakuna na ipinadala sa mga may edad na 16 at higit pa (edad sa Marso 31, 2022) noong ika-30 ng Hunyo?

Simula sa Martes, Hulyo 13 (Martes) 9:00 a.m. ang lahat ng taong may edad na 16 at higit pa ay maaari nang gumawa ng appointment o magpareserba. Kaya mangyaring magpareserba na ang sinumang nagnanais na mabakunahan.

・Inaasahan na makukumpleto ang pangalawang bakuna sa lahat ng nagnanais na mabakunahan sa pangmaramihang bakunahan at indibidwal na bakunahan hanggang sa katapusan ng Setyembre.

・Maari kang magpareserba sa ① Tama City Vaccination Online Reservation website ②AI Reservation Call Center ③COVID-19 Vaccination Call Center. Mga tawag sa wikang Hapones lang ang tinatanggap sa ② at ③.

① Tama City Vaccination Online Reservation
https://covid19.city.tama.lg.jp

②AI Reservation Call Center
050-3198-9061 (24-hour)

③COVID-19 Vaccination Call Center
042-313-7003 (9am～5pm)

※Ang kupon sa pagpapabakuna para sa may edad na 12～15 ay ipapadala sa bandang huli ng Hulyo. Kapag natanggap mo na ito puwede ka nang magpareserba. Sa mga magdodose anyos, ipapadala ang kupon sa bandang katapusan ng buwan ng kanilang kapanganakan.

※Bilang panuntunan, ang mga may edad na 12～15 ay kailangang samahan ng kanilang magulang o tagapag-alaga at pirmahan ng magulang ang paunang medikal na pagsusuri.

※Ang pagpapabakuna ay hindi sapilitan. Hindi ito isasagawa kung wala kang pahintulot.

※Mangyaring mag-ingat na huwag malinlang ng mga maling impormasyon o panloloko tungkol sa bakuna. Ang impormasyon tungkol sa epektibo at kaligtasan ng mga bakuna ay matatagpuan sa website ng Ministry of Health, Labor and Welfare.

Target ※Edad sa Marso 31, 2022		Hunyo	Hulyo	Agosto	Setyembre
① May edad na 65 at higit pa			Tapos nang bakunahan ang nagnais	※puedeng ipagpatuloy ang pagpapabakuna	
② May edad na 60～64 (mga 8,000 katao) ※kasama sa bilang ang mga may medikal na kondisyon		Hunyo 30 ipinadala ang kupon sa pagpapabakuna	7/5 9am simulang tanggapin ang pagpareserba Unang bakuna → Pangalawang bakuna		
③ May edad 16～59 at may medikal na kondisyon (mga 10,000 katao) ※Hindi kailangan ang sertipikong medikal ukol sa sakit sa oras ng pagpapareserba. Ang kumpir- masyon sa kondisyong medikal na sariling ulat mo na nakasulat sa paunang medikal na pagsusuri ay gagamitin sa pagsusuri ng doktor bago ka baku-nahan. Kumonsulta agad sa klinikang lagi mong pinupuntahan para sa indibidwal na pagpabakuna at mangyaring gumawa ng appointment.			7/9 9am simulang tanggapin ang pagpareserba Una at pangalawang bakuna	Ipinapakita ng mga arrow ang tinatayang panahon ng pagbabakuna	
④ May edad na 16 at higit pa (mga 69,000 katao)			7/13 9am simulang tanggapin ang pagpareserba Una at pangalawang bakuna	※puedeng ipagpatuloy ang pagpapabakuna	
Lugar ng pagbabakunahan	Pangmaramihan		Tatlong lugar (Nagayama at Sekido Public Halls, Link Forest)	Isang lugar (Link Forest)	
	Pang-indibidwal		Mga institusyong medikal sa Tama City (45 klinika, ospital, atbp.) ※as of 7/8		

●MGA PAGBABAGO SA MGA NILALAMANG INIHAYAG SA BABASAHING TAMA KOHO HULYO 5 ISYU

- Dahil sa pagbabago ng supply ng bakuna mula sa gobyerno, ipagpapatuloy naming gamitin ang bakunang gawa ng Pfizer sa halip na bakunang Takeda-Moderna.
- Maaari na ring magpareserba sa pangmaramihang pagbabakuna para sa unang bakuna sa panahon ng Hulyo 14 (Miyerkules)～Hulyo 31 (Sabado). Subalit, mangyaring tandaan lamang na ang pangalawang pagpapabakuna ay gaganapin lamang sa Link Forest (3-5-3 Tsurumaki).
- Sa Link Forest ang lugar ng pangmaramihang pagbabakuna sa Agosto at Setyembre. Walang isasagawa sa Sekido at Nagayama Public Halls. Maraming salamat sa inyong pag-unawa.
- Ang pangmaramihang pagbabakuna na isasagawa sa Link Forest ay mga dalawampung araw sa isang buwan kasama ang weekdays, Sabado, Linggo at holidays; sa hapon (12nn～4pm) at sa gabi (5pm～8pm). Ang bilang ng pilahan para sa unang pagsusuri ng doktor at pagbabakuna ay ginawang anim na at halos mga 1,500 katao ang maaaring mabakunahan bawat araw.
- Sa Agosto at susunod pang mga araw ay patuloy pa rin ang serbisyong pagsundo at paghatid ng shuttle bus mula sa Tama Center Station papuntang Link Forest. Kapag napagpasyahan na ang detalye, ilalathala ito sa opisyal na website ng lungsod ng Tama.

●ANG INDIBIDWAL NA PAGBABAKUNA AY ISINASAGAWA SA MGA MEDIKAL NA INSTITUSYON SA LUNGSOD NG TAMA

- Kumpirmahin sa opisyal na website ng medikal na istitusyon tulad ng klinika na nagsasagawa ng indibidwal na pagbabakuna.
- Ilalathala sa opisyal na website ng lungsod ng Tama kung may karagdagang medikal na institusyon na magsasagawa ng pagbabakuna.

※ Huwag tumawag sa mga medikal na institusyon kung may mga katanungan dahil makakagambala ito sa normal na panggagamot ※

ANG PINAKABAGONG IMPORMASYON NA NAUUGNAY SA BAKUNA AY IHAHATID SA INYO SA PAMAMAGITAN NG MGA SUMUSUNOD NA MEDIA

Opisyal na website ng Tama City

E-mail delivery service

Opisyal na Twitter account

Opisyal na Line account

Ang espesyal na edisyon ng “HAND in HAND in TAMA” ay mababasa sa mga wikang simpleng Hapon, Ingles, Intsik (simplified at traditional), Koreyano, Tagalog at Biyetnames.

Naglathala Culture & Lifelong Learning Promotion Section, Living & Culture Dept.,Tama City Hall ☎ 042-338-6882

Gumawa at tagapatnugot TAMA CITY INTERNATIONAL CENTER (TIC)
Opisina 7F VITA Commune, 4-72 Sekido, Tama City 〒206-0011 ☎ 042-355-2118 FAX 042-355-2104
E-mail: tic@kdn.biglobe.ne.jp URL:https//www.tic-tama.jp/

Lunes～Sabado 10:00am～5:00pm (Sarado sa Linggo, una at pangatlong Lunes, pista, katapusan at bagong taon, araw na pansamantalang sarado)

※Kung mayroon kang mga komento o mungkahi tungkol sa artikulo, mangyaring ipadala sa adres sa itaas.